8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Harold M. Bumanglag

**Tagasuri:** Noel A. Ybanez


**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre


Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION / IKAAPAT NA KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa paglinang ng makataong pakikipag-ugnayan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang makataong pakikipag-ugnayan upang malinang ang pagiging patas. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nakapagsasanay sa pagiging patas sa pamamagitan ng walang paghuhusgang pakikipag-ugnayan sa kanila at pagkilala sa pagkakaiba-iba at pagkakatulad sa pagtupad sa kanilang tungkulin sa pamayanan<br>a. Nailalarawan ang makataong pakikipag-ugnayan sa bayan<br>b. Naipaliliwanag na ang makataong pakikipag-ugnayan sa bayan ay nagpapakita ng patas na pakikitungo (*fair treatment*) sa kapuwa anuman ang kanilang kasarian, kakayahan, katayuan sa buhay, relihiyon o paniniwala, at ideyolohiya bilang paggalang sa kanilang dignidad<br>c. Naisasakilos ang makataong pakikipag-ugnayan sa bayan |
| **C. Lilinaging Pagpapahalaga (values to be integrated)** | ***Pagiging patas***<br>***(Fairness)*** |
| **D. Nilalaman** | Makataong Pakikipag-ugnayan |
| **E. Integrasyon** | *SDG 10 Reduced Inequalities* |


| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
| --- |
| Punsalan, T. G., Gonzales, C. C., Marte, N. C., & Nicolas, M. D. (2019). Dignidad: ubod ng pagkatao. In *Paano Magpakatao 7* (1st ed., pp. 205-206). REX Bookstore.<br><br>Punsalan, T. G., Gonzales, C. C., Marte, N. C., & Nicolas, M. D. (2019). Kabutihang panlahat: dakilang layunin ng lipunan. In *Paano Magpakatao 9* (1st ed., pp. 27-32). REX Bookstore.<br><br>Santiago, R. M. (n.d.). *EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO Grade 7 Modyul 8*. https://phsedukasyonsapagpapakataogr7.weebly.com/modyul-8.html |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>Magbigay ng mga naidudulot ng mapanagutang paggamit ng kalayaan sa bayan.<br><br><br><br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang kahalagan sa bayan na magamit ang kalayaan nang mapanagutan? | Subuking hugutin ng guro ang mahalagang konsepto at lininang na pagpapahalaga mula sa nakalipas na aralin. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pidbak (Opsiyonal)** | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>AKO ANG HALAGA KO<br>Suriin ang sarili at mga bagay na tumutukoy sa iyo. Magsulat ng mga mahahalagang bagay tungkol sa iyong sarili. Ilagay ito sa mga bilog sa sagutang papel.<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang ipinarating ng mga bagay na ito tungkol sa iyong sarili?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Ano ang iyong mararamdaman kapag ito ay inalis o tinanggal sa iyo?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>3. Paano mo ito mapapanatili sa iyong sarili habang nakikipag-ugnayan sa iyong kapuwa?<br>________________________________________<br>________________________________________ | Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa gawain na ito. |

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Ang klase ay maglalaro ng *Hangman*. Inaasahan na magtutulong-tulong ang buong klase upang makuha ang salita na pinahuhulaan.







Mga salita at *clues:*

1. Dignidad - ito ay tumutukoy sa likas na halaga ng tao.

2. Pakikipag-ugnayan - ito ay tumutukoy sa kilos nang pakikisalamuha sa pagbuo ng ugnayan sa iba.


3. Bayan - ito ay tumutukoy sa lupang tinubuan o kinalakihan ng isang tao na humubog sa kanyang pagkakakilanlan mga pagpapapahalaga.

Maaaring gamitin ng guro ang mga *online games* sa link na ito https://wordwall.net/.

Maaaring magbigay ang guro ng puntos sa klase kapag nakuha ang salita.

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Dangal - ito ay tumutukoy sa katangian ng isang indibidwal bilang may dignidad.<br><br>5. Kabutihan - ito ay tumutukoy sa katangian ng isang mabuting gawain o kalooban. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Indikasyon ng Makataong Pakikipag-ugnayan sa Bayan**<br><br>Ang makataong pakikipag-ugnayan ay nagsisimula sa ating sarili at pakikisalamuha sa ibang tao. Nag-uugat ito sa pagkilala natin sa ating dignidad bilang tao. Ito ang nagbibigay gabay sa ating ugnayan at pagpapalago ng ating bayan.<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Pagkilala sa Dignidad ng Tao**<br>Ang dignidad ng tao ay katangiang natatamo ng tao mula sa kanyang pagsilang. Ang bawat isa ay may dignidad anuman ang ang edad, kasarian, antas sa buhay, kakayahan, kalagayang pisikal, at kondisyon ng pamumuhay. Ito ay katangian ng lahat hanggang sa kaniyang pagpanaw sa mundo. Ang dignidad ng tao ay hindi nawawala sa kanya, ngunit ito ay nababahiran tuwing nakakagawa ng mga gawaing hindi kaaya-aya at may hindi magandang epekto sa iba. Sa kabila nito, ang tao ay maaaring itama ang kaniyang mga pagkakamali o pagkukulang sa paggawa ng mabuti upang makabawi at tuparin ang inaasahan sa kanya.<br><br>Lahat ng tao ay may taglay na dignidad bilang kanilang dangal ng kanilang pagkatao. Ang pagkilala sa dignidad ng tao ay pagkilala sa kanilang pagkatao. Naipapamalas ito sa maayos na pakikitungo at pakikipag-ugnayan sa kapuwa na kung saan ay nagdudulot ng kaayusan sa bayan.<br><br>Sa dignidad ng tao ay nabibigyang tuon at pansin ang pagkakapantay-pantay ng bawat isa at sa kakabit nitong mga karapatan. Sa mata ng Maykapal, ang bawat tao ay pantay-pantay at may buhay na dapat iginagalang.<br><br>**Antas ng Aksiyon sa Pagpapatibay ng Dangal**<br>Ang dangal ng isang tao ay siyang sentro ng ating dignidad. Narito ang antas ng mga akisyon upang mapagitbay ito ayon kina Punsalan et. al (2019). | Subuking gamitin ang naunang gawain at iugnay sa dignidad ng tao at kahalagahan nito sa pagbuo ng makataong pakikipag-ugnayan sa bayan. |

| | | |
|---|---|---|
| | <u>1. Pansarili - Mabuting Buhay</u> - ito ay tumutukoy sa pangangalaga sa sariling dangal at kaayusan sa buhay. Ito ay mapagtitibay sa pamumuhay nang tama, paggawa ng mga angkop at mabuting desisyon, paninindigan sa mga isyung may epekto sa buhay ng tao, at pangangalaga sa sariling dangal at buhay.<br><br><u>2. Pakikipagkapwa - Mabuting Ugnayan</u> - Ito ay tumutukoy sa pagpapanatili ng kaayusan upang mapangalagaan ang pagkatao ng isa't isa. Ito ay mapagtitibay sa pangangalaga sa ugnayan sa kapuwa, pamamahala ng mga hindi pagkakaunawaan, pagbabahagi ng kabutihang-loob, at pakikiisa sa kapuwa.<br><br><u>3. Panlipunan - Mabuting Lipunan</u> - ito ay tumutukoy sa paggalang sa karapatang pantao at pagsunod sa mga batas na nangangalaga rito. Ito ay mapagtitibay sa pagkilos nang Mabuti para sa lipunan at pagsunod at paglaban para sa sariling karapatan ng kapuwa.<br><br>Kung ang isang indibidwal ay may pinangangalagaan na dangal sa sarili, ganoon din ang ibang tao sa kanilang sarili. Ang paggalang sa isa't isa ay patunay ng pagpahahalaga sa pagkatao ng sarili at ng kapuwa. Sa ganitong paraan nagisismula ang makataong pakikipag-ugnayan.<br><br>Ang isang makataong ugnayan ay may pagkilala sa bawat isa. Ang pagpapahalaga sa dignidad ng tao ay isang mahalagang indikasyon ng mabuting ugnayan ng mga tao. Ito ay nagbibigay sa tao ng kasiyahan at kabutihan para sa lipunan.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Ugnayin Ang Ugnayan**<br>Umisip at magbigay ng mga katangian ng isang makataong ugnayan. Gawin ito sa sagutang papel. | Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa gawaing ito. |



**Mga Tanong:**

1. Sa iyong sariling mga salita, paano mo bibigyang kahulugan ang isang makataong ugnayan?

2. Nakikita mo bang makatao ang iyong ugnayan sa iyong kapuwa? Bakit?

3. Paano mo gagawing makatao ang iyong ugnayan sa iyong kapuwa?


**IKATLONG ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ang Aking Ideyal Na Makatao**

Umisip ng iyong *ideal person* na may mga pagpapahalaga sa makataong ugnayan. Paano mo siyang bibigyan imahe at ipakikilala? Gamitin ang sagutang papel upang bigyan siya ng pagkakakilanlan. Maaaring gumamit ng mga pangguhit at pangkulay sa pigura ng tao upang likain ang iyong *ideal person*. Sa katabing kahon nito ay isulat ang pagkakakilanlan, paglalarawan, at katangian ng pagpapahalaga sa makataong ugnayan.

Maaaring magbigay ang guuro ng lima hanggang sampung minuto. Maaaring magtawag ng tatlo o hanggang limang magbabahagi. Opsyunal din na gamitin ang *pair and share* sa pagbabahagi.



**Mga Tanong**
1. Ano ang katangi-tangi sa iyong *ideal person*?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Bakit siya ang iyong nilikhang *ideal person?*

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang maaaring maging kontribusyon ng iyong *ideal person* sa pagbuo ng makataong ugnayan sa bayan?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**Kaugnay na Paksa 2: <u>Pagsasakilos ng Makataong Pakikipag-ugnayan sa Bayan</u>**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**


**Ugnayan ng Tao at Lipunan**

Sa ugnayan ng tao sa lipunan ay nakikita ang pagkamamamayan. Sa dimensyong panlipunan, ang ugnayan ng mga tao ay nangangailangan ng pakikiisa sa mga gawain sa lipunan at katapatan.

| | | |
|---|---|---|
| | Ang mabuting ugnayan ng mga tao ang nagsisilbing pundasyon sa isang maayos at matibay na lipunan. Nagsisimula ito sa katapatan sa salita at gawa na nagbibigay ng pagkakataon na gumawa ng makakabuti sa lahat.<br><br>Narito ang ilan sa mga makataong pakikipag-ugnayan sa bayan:<br><u>1. Paggalang sa dignidad ng tao</u> - ang paggalang sa dignidad ng tao ay paggalang sa kanilang pagkatao. Naipakikita ito sa pag-iisip at paggawa ng mabuti sa kanila anuman ang kanilang katayuan o kalagayan.<br><br><u>2. Pagsasaalang-alang sa kabutihan ng lahat at kaayusan ng bayan</u> - ang pagkilos laging iniisip at inuuna ang makabubuti sa lahat ay nakatutulong sa kaayusan ng lipunan. Naipakikita ito sa pagsasaalang-alang ng kapakanan ng lahat at paggawa ng kung mabuti sa sarili at sa kapuwa.<br><br><u>3. Pagsisikap na mapanatili ang kaligtasan at kapayapaan</u> - ang maayos na lipunan ay nagtataglay ng ligtas at payapang sambayanan para sa tao. Magagawa ito sa pagsunod sa mga patakaran at batas na nagbibigay proteksyon sa buhay at karapatan ng tao.<br><br><u>4. Pakikiisa sa mga gawain para sa bayan</u> - isa sa mga responsibilidad ng tao ang maging bahagi ng mga gawain na magtataguyod sa kaayusan ng bayan. Sa ganitong paraan, naipakikita ang pagkakaisa ng lahat na tumugon sa pangangailangan ng bawat isa.<br><br><u>5. Pagtingin at pagtrato sa lahat nang walang panghuhusga</u> - kakabit ng pagkilala sa dignidad ng tao ay pagtingin na sila hindi naiiba sa atin. Walang mas mataas o mas mababa na pagkatao sa lipunan.<br><br>Ang makataong ugnayan ay nagbibigay ng pantay, sapat, at karapat-dapat na pagkilala sa bawat indibidwal nang hindi tumitingin sa kalabisan o kakulangan ng na mayroon ang iba. Binibigyan nito ng tuon ang pakikipag-ugnayan sa may layuning mabuti para sa lahat at sa ika-aayos ng bayan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay** | Subukin talakayin sa bahaging ito ang integrasyon ng aralin.<br><br>Ito ang ilang punto na maaaring bigyang-tuon sa integrasyon ng aralin na SDG 10 – *Reduced Inequalities:*<br><br>a. Sa makataong pakikipag-ugnayan sa kapuwa ay nakakatulong ito upang mabawasan ang mga diskriminasyon sa lipunan dulot ng hindi pagkakapare-pareho.<br><br>b. Ang paggalang sa dignidad ng tao ay nagbibigay ng kumpisyansa sa mga taong naaapektuhan ng pagkakaiba-iba batay sa edad, kasarian, lahi, antas ng pamumuhay, relihiyon, hanapbuhay, at kinabibilangang katutubo.<br><br>c. Ang pagsasalang-alang sa kabutihan ng lahat ay nagbibigay ng pagkakataon sa atin na makaisip at makakilos ng mga paraan upang matulungan sila at mabawasan ang hindi magandang epekto ng hindi pagkakapantay-pantay. |

**Kilos Sa Makataong Ugnayan**

Bumuo ng mga tiyak na paraan upang magkaroon ng makataong ugnayan ang sarili sa kanyang sarili, sa kapwa, at sa lipunan. Gawin ito sa sagutang papel.



**Mga Tanong:**

1. Alin sa mga paraan ito ang iyong ginawa na sa iyong sarili? Sa iyong kapwa? Sa iyong lipunan?

____________________________________________

____________________________________________

2. Ano ang mabuting naidudulot ng mga paraang ito sa iyong ugnayan sa kanila?

____________________________________________

____________________________________________

3. Paano mo ipagpapatuloy ang mga paraan na ito?

____________________________________________

____________________________________________

d. Upang mapanatili ang kaligtasan sa lipunan, maaari din natin tignan ang mga polisiya at ating mga kinikilingan kung ang mga ito ay nangdi-diskrimina ng ibang tao. Maaari din tayo maging bahagi sa pagsusulong ng mga adbokasiya para sa pagkakapantay-pantay sa lipunan.

e. Mababawasan natin ang malaking agwat sa lipunan dulot ng hindi pagkakapantay-pantay kung ang bawat isa ay makikibahagi sa mga gawain at pagkilos dito.

f. Sa pagtingin at pagtrato natin sa bawat indibidwal ay marapat inaalis natin ang panghuhusga sa kanila kaibahan sa atin. Sikapin ang maging patas sa ating kapuwa.

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa gawaing ito.

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**


**May Ugnayan din Sa Pagkakaiba-iba**

Sa kabila ng mga ugnayan ng tao, hindi maitatanggi ang mga panlipunang pagkakalinlan na nagbibigay sa kanila ng pagkakaiba-iba sa isa't isa. Ang mga ito ay madalas nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan. Batay sa mga *social identities*, magmungkahi ng hakbang upang mapaliit ang agwat sa pagitan ng mga pagkakaiba na ito at magkaroon ng maayos at makataong pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Gamitin ang sagutang papel sa gawaing ito.

| **Mga *Social Identities*** | **Ang epekto ng pagkakaiba-iba nito sa ugnayan ng tao ay…** | **Ang naidudulot nito sa bayan ay…** | **Ang maaari nating gawin ay…** |
|---|---|---|---|
| Edad | | | |
| Kasarian | | | |
| Relihiyon/ Paniniwala | | | |
| Estado ng buhay | | | |
| Hanapbuhay | | | |
| Kakayahan/ Talento | | | |
| Kapansanan | | | |
| Kinabibilangang pangkat ng katutubo | | | |

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng lima hanggang sampung minuto para sa gawaing ito.

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br>1. Anong ang iyong natutunan mula sa gawaing ito?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>2. Ano ang naidudulot ng makataong ugnayan sa iyong pakikitungo sa iyong kapuwa?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>3. Sa makataong pakikipag-ugnayan, paano tinitignan ang mga pagkakaiba-iba ng mga tao sa lipunan?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>4. Ano ang iyong ang iyong gagawin upang maisakatuparan ang mungkahi iyong ibinigay?<br>____________________________________________<br>____________________________________________<br>____________________________________________ | Subuking mapalabas ng guro ang linilinang sa pagpapahalaga sa katanungan lalo sa bilang dalawa at tatlo. |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Ang klase ay mahahati sa limang pangkat. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng isang papel kung saan kailangan kumpletuhin. Pagkatapos, ito ay ibabahagi sa klase. Inaasahang sa pagbabahagi ay magbibigay ng paraan kung paano ito isasabuhay.<br><br>Mga pangungusap:<br>1. Ang makataong ugnayan ay __________________.<br>2. Upang magkaroon ng makataong ugnayan ay kailangan _______________.<br>3. Magiging maayos ang lipunan sa makataong pakikipag-ugnayan dahil ______________. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Sa isang makataong ugnayan ay marapat na i-trato ang kapuwa nang _______________.<br>5. Bilang mga kabataan, sisimulan namin ang makataong pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng _______________.<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Alin sa mga pangungusap ang lubos kang sumasang-ayon?<br><br>2. Gaano kahalaga sa iyo ang magkaroon ng makataong ugnayan sa bayan?<br><br>3. Paano mo maibabahagi sa mga nakababata sa iyo ang kahalagahan nito?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><u>REFLECTION SNOW BALLS</u><br><br>Sa isang papel, magsulat ng isang bagay na natutunan mula sa naging aralin. Pagkatapos ay lukutin ito. Kapag ang lahat ay tapos na, sabay-sabay ibato nang mahinahon ang nilukot na papel paitaas sa ibang direksyon. Sikapin saluhin ang isang papel na hindi pagmamay-ari at basahin ito.<br> | Maaaring magbigay ang guro ng tatlong minuto para sa gawain na ito. Siguraduhin lamang na walang kalat ang maiiwan. Ang bawat mag-aaral ay marapat na hawak na isang papel. Maaaring magtawag ang guro ng tatlo hanggang limang magbabahagi ng nakasulat sa papel. |

<table>
<tr><th colspan="2">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td>1. Pagsusulit<br>Basahin mabuti ang tanong sa bawat aytem. Piliin ang pinaka-angkop na sagot at isulat ito sa patlang bago ang numero.<br><br>_____1. Ang tao ay may likas na halaga sa kanyang pagkatao na dapat igalang. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy sa pangungusap?<br><br>a. Dangal<br><br>b. Dignidad<br><br>c. Ugnayan<br><br>d. Paggalang<br><br>_____2. Sino sa mga sumusunod na indibidwal ang higit na nagpapakita ng makataong ugnayan sa kapwa?<br><br>a. Si Gian ay nagse-share ng mga motivational quotes sa kanyang mga kaibigan sa Facebook.<br><br>b. Si Menchie ay matiyagang nakapila para sa pagtanggap ng donasyon mula sa lokal na pamahalaan.<br><br>c. Si Leo ay maiging pinagmamasdan ang kapaligiran at umiisip ng mga paraan upang ito ay mapangalagaan.<br><br>d. Si Joann ay nakikilahok sa mga gawain sa komunidad tulad ng pamamahagi ng mga gamot sa matatanda sa lugar.<br><br>_____3. Maaaring mawala sa tao ang kanyang dignidad. Ano ang iyong palagay sa pahayag na ito?</td><td>Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng limang minuto para sa maikling pagsusulit.<br><br>Mga susing kasagutan:<br><br>1. B<br><br>2. D<br><br>3. D<br><br>4. D<br><br>5. A</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | a. Ang pahayag ay tama, dahil kapag ang isang tao ay sumakabilang buhay na.<br><br>b. Ang pahayag ay tama, dahil tuwing nakakagawa ng mali ang isang tao nawawala ang kanyang dangal sa sarili.<br><br>c. Ang pahayag ay mali, dahil hindi maaaring mawala ng dignidad dahil ito ay kaakibat ng kanyang pagkatao.<br><br>d. Ang pahayag ay mali, dahil ang dignidad ng tao ay maaari lang mabahiran ng mga maling gawain ngunit ito ay hindi maaaring mawala o kunin.<br><br>_____4. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi totoo tungkol sa makataong ugnayan?<br><br>a. Ang makataong ugnayan ay nagsisimula sa tapat na salita at kilos ng tao.<br><br>b. Ang makataong ugnayan ay nagiging pundasyon ng isang maunlad na bayan.<br><br>c. Ang makataong ugnayan ay may pagkilala sa dignidad at pagkatao ng bawat isa.<br><br>d. Ang makataong ugnayan ay may pagtatangi sa ilang tao na nakakaangat sa iba.<br><br>_____5. Alin sa mga ito ang isang mahusay na indikasyon ng makataong ugnayan sa bayan?<br><br>a. Ang bawat isa ay may patas at pantay-pantay na pagtrato sa lahat.<br><br>b. Ang bawat isa ay maayos na nakikitungo sa harap ng kanilang nakakasama.<br><br>c. Ang bawat isa ay nagbibigay ng tulong sa mga kakakilala at nangangailangan.<br><br>d. Ang bawat isa ay nakikisalamuha lamang sa mga pagkakataon na may gawain sa komunidad.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin** | |

| | | |
|---|---|---|
| | Tignan ang mga gawaing nakalista sa ibaba. Pumili ng isa na gagawin sa iyong pamilya, komunidad, at paaralan. Sikapin na walang mauulit na Itala ang naging karansan sa mga ito. Kopyahin ang *table* sa isang malinis na papel.<br><br>Listahan ng gagawin:<br><br>1. Humingi ng tawad at aminin ang mga nagawang pagkakamali.<br>2. Sumunod sa patakaran tulad ng iba.<br>3. Hintayin ang iyong pagkakataon na gamitin o makuha ang isang bagay.<br>4. Magsabi ng totoo.<br>5. Hatiin at ibahagi ang bagay bagay na mayroon ka. | |

| | Pamilya | Paaralan | Komunidad |
|---|---|---|---|
| Kanino ito ginawa? | | | |
| Ano ang sitwasyon kung kailan ito ginawa? | | | |
| Ano ang iyong ginawa? | | | |
| Ano ang iyong nagging dahilan sa pagpili nito? | | | |
| Ano ang iyong naramdaman sa ginawang kilos? | | | |
| Ano ang nagging epekto nito sa iyo, sa iyong kapwa, at sa inyong ugnayan? | | | |
| Paano nito nabago ang iyong pagtingin sa pagkakaiba-iba ng tao? | | | |
| Paano mo naipkita ang pagiging patas sa iyong ginawa? | | | |
| Paano maipagpapatuloy ang gawaing ito sa iyong kapuwa? | | | |

| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |